Papanagutin ang Berdugong AFP at ang Pasistang Rehimeng US-Arroyo sa Pagpaslang kay Kasamang Ricardo "Ding" Uy!

Noong Biyernes, November 18, bandang alas-onse ng umaga, isa na namang lider ng militanteng grupo ang pinaslang sa Barangay Basud, Sorsogon City. Si RICARDO "DING" UY, tagapangulo ng Bayan Muna Partylist-Sorsogon City Chapter, ay pinagbabaril ng isang lalaking maputi, mahigit limang talampakan ang taas, "mahaba" ang buhok at nakasumbrero, sa loob ng kanilang *ricemill.* Pagkatapos ay umalis ang bumaril lulan ng isang motorsiklo kung saan nakaabang at sakay ang isa pang lalaki sa di kalayuan ng lugar na pinangyarihan.

RICARDO "DING" UY

Si kasamang Ding Uy ang ika-67 na miyembro ng Bayan Muna na pinatay simula noong manalo ito sa eleksyong party-list sa kongreso noong 2001. Si Ding Uy rin ang ika-71 na naitalang biktima ng pagpaslang sa Bikol sa panahon ni Gloria Macapagal-Arroyo.

Pananagutan ng mga Militar

WALANG PANGUNAHING DAPAT PAGBINTANGAN *sa pagpaslang kay Ding Uy kung hindi ang mga armadong galamay ng gobyerno sa pangunguna ng Philippine Army, na ikinabit ang pangalan ni Ding Uy sa CPP-NPA-NDFP noong nakaraang dalawang Sabado lamang bago siya paslangin. Sa programang "Ugnayan sa Kapayapaan" ng Philippine Army sa istasyong dzMS sa Sorsogon City, direktang pinaratangan ng isang "Pareng Melvin" at "Pareng Rey" si Ding Uy bilang isang mayamang negosyante na susunod na magiging malaking lider ng NPA sa Sorsogon.*

Bago pa ang pagpaparatang kay Ding Uy sa programang "Ugnayan sa Kapayapaan," noong Nobyembre ng nakaraang taon ay may mga kampanya na ng paninira sa kanya na ipinakalat at ipinaskil ng mga pinaghihinalaang mga ahente ng mga militar at mga paramilitar na grupo sa Sorsogon City. Sa mga ito ay binabanggit si Uy bilang kasapi ng CPP-NPA-NDFP at ang Bayan Muna kasama ang iba pang progresibong organisasyon bilang mga "CPP fronts."

Ang pagpaslang kay Ding Uy ay bahagi ng mga planadong pagpatay sa mga aktibista at progresibong lider na nagaganap sa buong bansa, at ito ay saklaw ng isang sentralisadong kampanya na maaari lamang pondohan at isakatuparan ng gobyernong US-Arroyo sa pamamagitan ng mga armadong galamay nito. At katulad ng nangyari kay Ding Uy, ang mga nabibiktimang miyembro ng mga organisasyong kritikal sa rehimen ay sinisira muna sa mata ng publiko bago tuluyang pinapatay.

Pananagutan ng Gobyernong US-Arroyo

Bukod sa Armed Forces of the Philippines (AFP), dapat ring singilin si Gloria Macapagal-Arroyo na hindi nagbubuhat ng kahit isang daliri upang panagutin ang mga itinututurong may kasalanan, at nananatiling tikom ang bibig sa harap ng mga karumal-dumal na pagpaslang at iba pang paglabag sa karapatang pantao. Kahit isa sa mga biktima ay hindi pa nagkakamit ng katarungan at ang mga katulad ni dating colonel at ngayon ay Maj. Gen. Jovito Palparan, ang bergudo ng mga aktibista, ay pinararangalan pa!

Si kasamang Ding Uy, sa kabila ng pagiging isang negosyanteng nakakaangat sa pamumuhay, ay naging aktibo sa kilusan ng mamamayan. Bukod sa pagiging tagapangulo ng Bayan Muna, siya rin ay presidente ng Sorsogon Independent Media Reporters Incorporated; miyembro ng MANINDUGAN, isang alyansa sa pagsusulong ng karapatang pantao; at miyembro-*convenor* ng Sorsogon People Opposed to Warrantless Electricity Rates (POWER). Sa katunayan, dalawang araw bago siya patayin ay nagsalita pa ito sa isang pagtitipon ng December 10 Committee na mangunguna sa mga aktibidad hinggil sa paggunita sa ika-57 taon ng Unibersal na Deklarasyon ng Karapatang Pantao na kung saan isa siya sa mga miyembro.

Ang mga pumaslang kay Ding Uy ay tiyak tumututol din sa mga ipinaglaban ni Ding Uy sa panahon ng kanyang pagiging aktibong lider—ang hustisya at karapatang pantao.

Lubos na kinukondena ng mamamayang Bikolano ang isa na namang karumal-dumal na kaso ng pagpatay sa isang sibilyan na makaisang-panig na pinaratangan ng mga militar na miyembro ng NPA!

ITIGIL ANG PAGPATAY SA MGA AKTIBISTA! KATARUNGAN PARA KAY DING UY AT SA LAHAT NG BIKTIMA NG PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO!

Inaanyayahan ang lahat na dumalo sa libing ni Ricardo "Ding" Uy sa Sabado, Nobyembre 26, alas dos ng hapon. Magkita-kita tayo sa residensya ng mga Uy, sa Barangay Basud, Sorsogon City, ganap na alas dose ng tanghali.

BAYAN MUNA

BAYAN Bagong Alyansang Makabayan - BIKOL

KARAPATAN-Bikol
Alliance for the Advancement of People's Rights

December 10 Committee